Julio; ibig sana nilang mapanood ang paglilitis, dapwa't nabuktot na lahat sa pagiintay sa presidente, kaya't n'ayo'y nangaguuwian na. Salamat sa ingay nila at nabugabog ang masipag na pinuno ng bayan; sa wakas ay natuluyan ding mamulat ang mga namumugtong mga mata na animo'y nagsasabing "!Kami ay busog na busog!"

Pagkakain ng almusal n, ang m hal nating presidente ay humilig sa isang *sillon*; at dito'y sinimulan ang walang lagot na pagpapausok sa isang "Germinal."

Inintay pa munang mangalahati ang sa gisag na iyon ng isa sa mga masasamang hilig ng tao, bago nagbihis si Mahabang Kamay upang dumaló sa presidencia.

Samantalang siya'y lumalakad, (nagpapasasa sa ganitong kaginhawahan,) ay sikapin nating iguhit kahi't bahagya ang larawan ni Mahabang-Kamay. Siya ay isang lalaking may mataas na tindig, mukhang bilóg na kin babanaagan ng ilang patak ng dugong dilaw, úlong tihaba na pinapalamutihan ng mapuputing buhok, mga matang busóg na animo'y ipinaglihi sa mga mata ni Mutzu-Hito, ilong na hiniram kay San Mateo, bibig na inahawig sa bibig Limahong at tiyang kauri ng tiyang Taft. Kung dito'y idagdag natin ang pagkamahaba ng kanang kamay, ang giliw na bumabasa ay madalí ng makikilala kapag natagpuan ang pinunong bayang dito'y tinutukoy.

Tinutugtog ang ikalabingisang oras ng umaga ng siya'y sumapit sa *Presidencia*. Pag pasok na pagpasok ng pinto, ay isang tukso ang kaagad ay sumagupa sa kanya. Sa dakong kaliwa ay may isang malapad na bangko at sa ibabaw ng bangko ay nakatukmol ang isang pulis, na uuga-uga ang ulo at pipikit pikit ang mata. Sa ganitong anyo na bilang pasalubo g sa kanya ng kawal niyang hi ihila ni Antok, ang maki sig na puno ay bigla g siniglan ng pangungupinyo. Ano ba't ang buisit na iyon eh, tila ginagagad ang anyo niya kanina nang siya'y bago laang kagigising?

Dahandahang lumapit ang nagngingitngit, sinunggabang bigla ang ulo ng tukso at walang sabi-sabi'y niluglog ito nang katakot-takot.

—"Ah, salbahe! demonyo! di nahuli rin kita!.... Iyan, (suntok) iyan, (sipa) at iyan (dagok) ang bagay sa iyo, tamad! walang hiya! hayop! Kung kaya ka bá binabayaran ng sampung piso buwan-buwan ay para magtulog ka rito? Walang hiya!"

Gitlang gitla ang pinupog ni Mahabang-Kamay. Sa kagulatan ay nakalundag tuloy, sa di oras, ng limang dipa.

Samantalang nagbububusa ang bibig ng pinuno, ang iba namang mga pulis ay p w ng nagpuputlaan at nanginginig, lahat ay nangagtayo ng tuwid na tuwid, walang makahumá kahit isa.

Pagkatapus ng ganitong pagpapakita ng gilas sa silong, ang maba gis na puno ay dahandahang nanhik na nanglilisik ang mga mata.

Sina Julio at Bayaning inis na iris na sa pagii tay ay napabuntong hininga na lamang ng maramdamang siya'y dumadating.

I. A. AMADO.

(*Itutuloy.*)

❧ ❧ ❧

## ¡Arriba, juventud!

**Apenas se ve disipado de la actual perspectiva del tiempo el triste y luctuoso cuadro del ayer en que el pueblo, enarbolando la bandera roja, luchó por la reivindicación de sus derechos; apenas haya alboreado la aurora del nuevo sol que diera otra vida al país; la juventud rizalina mostróse llena de vigor, y convencida de la necesidad de la instrucción que crea la grandeza y el bienestar de los pueblos, consideró como uno de los medios para alcanzarla la formación de asociaciones, que hoy día vénse organizadas en los diferentes pueblos de esta provincia, constituyendo una Confederación que establece la armonía entre ellas y afianza la estrecha unión de todas para el mejor logro de sus vehementes aspiraciones.**

**Sonó, pues, la hora en que todos los que se sienten con fuerzas para aportar su grano de arena en la labor que se emprende por el engrandecimiento de la pátria, deben de ofrecer algún sacrificio en aras del bien común, contribuyendo todo los que les sea posible para el fomento de la instrucción, base esencial para la regeneración del pueblo filipino.**

INSUM.

❧ ❧ ❧